

GREETINGS FROM SACRED MOUNTAIN

translation of “Pangangamusta mula sa Balaan Bukid”

Genevieve L. Asenjo

De La Salle University, 2401 Taft Avenue, Manila

genevieve.asenjo@dlsu.edu.ph

Michelle Tiu Tan

michelle.tiutan@gmail.com

About the Author

Genevieve L. Asenjo, author of six books, writes in three major Philippine languages: Kinaray-a, Hiligaynon, and Filipino. Her first novel *Lumbay ng Dila* (C&E/DLSU, 2010) won the Juan C. Laya Prize in the National Book Award. Her latest book is a poetry collection, *Sa Gihapon, Palangga, ang Uran/Always, Beloved, the Rain* (Ateneo de Naga University Press, 2014). She teaches literature and creative writing at De La Salle University, Manila. She was a Writing Fellow in the International Writing Program (IWP) of the University of Iowa in 2012.

About the Translator

Michelle Tiu Tan took up her MA in Creative Writing (Prose) at the University of East Anglia, where she was awarded the Southeast Asian Bursary and a Dissertation Distinction. She has been published in the *Philippines Graphic* and *Philippines Free Press*. Her short story “Her Afternoon Lives” won Second Place in the 2012 Nick Joaquin Literary Awards.

**BEYOND MEANING: TRANSLATION AS NEGOTIATION OF SPACE, VOICE,
AND LANGUAGE**

Michelle Tiu Tan

Space is necessarily involved in any act of reading, writing, communication and art in general. Author, text, reader: the gaps between them can only be negotiated through processes of creation like writing and reading, which is nothing less than the creation of meaning.

Translation adds another layer. The space between the original and translated texts—or between the two voices: author and translator—creates an additional gap that must also be negotiated in reading, whether consciously or unconsciously. In the middle is the translator, who must at the same time be both reader and writer, not just drawing meaning from the text but also creating in the most concrete way possible: by putting meaning into words.

This constant engagement with space, with language, expands rather than limits the role of the translator. Word choice, verb tense, tone, register—the choices are myriad, and the decision to adopt one turn of phrase and discard another is never completely direct and simple. “Greetings from Sacred Mountain,” my first translation, presented me with challenges I had never before considered in my own writing.

But it is precisely these challenges which drew me to the project. Like any other language, Filipino of course has its own cadences and rhythms of thought, and it is the translation of these qualities, in addition to meaning, which particularly interested me. The prospect of realizing this transformation excited me, as it recalled my experience of reading authors such as Gabriel Garcia Marquez and Jose Saramago, whose works have been so ably translated that they sound like no other English I have encountered.

In translating this story, I grappled with these specific issues: How much reinvention is allowed when handling the work of another? Should I reorganize sentences to make them sound more natural or retain the original rhythm, no matter how awkward in English?

No single rule applies to all cases, but in translating Gen’s stories I often leaned toward the latter. It doesn’t always make for smooth reading, but I believe the point is not to make the text seem like it was written originally in English, but to make it more accessible even while leaving traces of the original language, reminders of the text’s otherness.

But how much obscurity is allowed, and at what point does it become too much? This I am unable to answer—and I suspect will never be able to answer—except by saying that I mostly rely on instinct. It is during these moments, perhaps, that translation is most like writing: simple only when dictated by instinct.

So it is with the creative processes. Rather than advancing progress, excessive deliberation often only either impedes artistic thought or, at the very least, clouds judgment. This reliance on instinct is perhaps also why translators cannot help but lend their voices to the text—in addition to and in spite of the author's voice—because ultimately translation is not just an act of navigation and negotiation, but also one that involves the creation of the new.

At least, this is what I had aimed to accomplish with “Greetings from Sacred Mountain.” It is my hope that the form I have given the text—and the voice I lent it—will help enrich the reader's experience, and simultaneously add to and complement the original.

**TRANSLATION AS SPACE OF ACTIVE LISTENING: ON MICHELLE TIU TAN'S
TRANSLATION TO ENGLISH OF MY SHORT STORY "PANGANGAMUSTA MULA SA
BALAAN BUKID" ("GREETINGS FROM SACRED MOUNTAIN")**

Genevieve L. Asenjo

The first draft of "Pangangamusta mula sa Balaan Bukid" came during my 6-month writing residency in Seoul last 2009. I had also the opportunity to participate as reactor in a translation forum at Jeju Island with the French poet, critic, and translator Claude Mouchard as main speaker. In his paper "So Many Passages Remain Hidden! Poetry in Time of Globalization," he revealed that his encounter with Korean literature in English translation moved him to translate Korean poetry into French, with the help of a Korean friend through Skype. Translation served as his window to the world of contrapuntal: the Korean War resonated with his childhood memory of World War II. He referred to Benedict Anderson's *Imagined Communities* to highlight the new grounds and possibilities that diaspora offers for/in translation, but forewarned. He cited the Korean poet Ki Hyung-do whose works evoke, similar to that of Japanese master Yasunari Kawabata, that the individual is a tragic character against the many laws of the world, and that "nobody is there."

In Mouchard's journey as translator, I saw translation as a becoming. It is a performance space for forging identities that yields tensions and contestations. I reacted that in its long and bloody travels, it should have the presence of tenderness.

Now, in Michelle Tiu Tan's translation of my short story from Filipino to English, I would like to believe that what she considers as "constant engagement with space" is her active listening. She paid attention to the domestic intimacies of the sounds of my words. The particular linguistic properties of my Filipino, in its shared aural imagery and lyricism with her Tagalog, side by side with the peculiarities of my Visayan syntax and vocabulary, among other "text's otherness," proved to be source of accord: our mutual satisfaction that we now offer to the readers.

I would like to think that what she refers as "instinct" is her act of tenderness: that decision to retain the voice of the original while making it accessible in another language characterized by the fluidity and succinctness of her own prose. Again, as attention to a different cadence, temperament, and set of tendencies, translation is thus an expansion of our understanding, and I hope, appreciation, of our multilingual identity and rich tradition of verbal arts attempted here through narrative design and framing of movement in "time and space."

Her attention and active listening added her own voice in this story, the “creation of the new.” We became the “somebody” for each other. Here, the Visayan *komposo* becomes the Tagalog *kundiman*, which could also be the Korean *arirang*, and the Arabic’s ballad. Translation encircles us in the community of readers and listeners, and it pleases me to think that it saves us from solipsism and parochialism.

PANGANGAMUSTA MULA SA BALAAAN BUKID**I.**

May ilang kwento tungkol sa kanila. Kung gayon, may ilan ding katanungan. Tulad na lang halimbawa ng “May alaala ba ang ibon?”

Simulan natin sa nakaraan.

Umaga ‘yun ng Linggo. Agosto. Sa Hyewa sa Seoul. Narito ang simbahang Katoliko na pinagmimisahan ng kapariang Pinoy. Narito ang Woori Bank. Bukas ito, espesyal para sa mga manggagawang Pinoy, na tuwing Linggo lamang nakakadalaw sa Seoul, sakay ng bus o subway, mula sa mga kompanya at pabrika sa iba’t ibang syudad ng SOKOR.

Lumalakad s’ya, ang ating bida—tawagin nating si Mark—sa daan sa gilid ng kalsada sa labas ng simbahan. Katatapos lang ng misa sa Tagalog. Nadadaan n’ya ang namumukadkad na mga bulaklak, nakakasalubong ang sari-saring mukha at boses, at nangungulila ang kanyang lalamunan sa paghigop ng mainit na sabaw ng sinigang na baboy sa timplang Ilonggo.

Papunta s’ya sa Woori Bank sa unahan sa kabila ng kalsada. Magpapadala s’ya ng 20,000.00 *won* sa Brgy. Mat-y, Miag-ao, Iloilo, Philippines. Mga 10,000.00 ang katumbas nito sa pesos. Pangrebyu ito sa civil service exam ng kanyang nakakabatang kapatid na babae. S’ya man ay nakatapos din ng kolehiyo: BS Marine sa isang kilalang unibersidad sa Iloilo. “*Te*, “*To*, nakasakay ka na?” Ito ang madalas na tanong noon sa kanya. Natutunan n’yang sumagot, “Heto, nakababa na nga,” sabay tawa.

Natatawa rin s’ya ngayon. May anghang ng sinamak at pakla ng hilaw na saging. “Crashing of paper” ang job description sa kanyang kontrata. Parang ganuon na nga ang pamumutol n’ya ng mga binding ng libro sa loob ng dalawang taon at anim na buwan sa isang maliit na kompanya na nagre-recycle ng papel sa Dunglecheon. Isang oras sakay ng subway ang layo nito sa Seoul. Dito kumakampo ang halos lahat ng mahihirap na lahi, lalo na at bagong salta: Filipino, Pakistani, Nepalese, African, Vietnamese, Indonesian. Dito rin ang ilang malalaking kampo-militar ng Amerika.

44 oras ang kailangan n’yang makumpleto sa isang linggo. Kasama na rito ang Sabado. Ito ang batas. Dahil kulang sa 20 silang trabahador. Kung 20 at higit pa, 40 oras lang. 10 minutos ang kanilang break kada oras, maliban lamang tuwing alas onse at alas kuwatro—mga oras ng pagkain.

Kumalam ang kanyang tiyan sa pag-isip ng pagkain at sa muling pagkayab nitong kanyang swerte, kasingliwanag ng langit nitong umaga ng tag-araw sa Korea. Napaigtad s'ya, sabay hikab, habang sinisiksik ang mga hakbang sa daan na ito sa gilid ng kalsada.

Sa gitna nitong simbahang-Katoliko at bangkong-Koreano, narito ang kilala sa tawag na *Filipino Market*. Sumusulpot ito tuwing Linggo ng umaga at nawawala bago pa magtanghali. Hilera ito ng mga prutas, sariwang isda tulad ng tilapia at bangus, bagoong at patis, balut, magazine at kung anu-ano pang galing sa Pilipinas sa doble o triple na presyo. Dito ka makakakain ng turon, bihon, pancit, dinuguan, adobo. Gusto mong tumawag sa Pilipinas? Narito rin ang lahat ng uri ng promo.

Ilang linggo na s'yang hindi makatulog. Bago matapos ang kanyang kontrata, kailangang makapagdesisyon na s'ya. Ano ba ang mas mabuti at saan s'ya mas magiging masaya? Ang umuwi at mamahinga sa kanilang baryo o ang magpatuloy sa pakikipagsapalaran dito sa Korea sa pamamagitan ng paglipat ng trabaho? Kung uuwi s'ya, pwede siyang mag-poultry. Kung lilipat s'ya, ngayon pa lang, kailangan na n'yang makakita ng bago. Isa ito sa kanyang napag-alaman dito sa Hyewa. Sa 2nd floor ng Woori Bank ang opisina ng FEWA (Filipino EPS Workers Association). Dadalaw s'ya rito para sa bagong balita.

Nagugutom na talaga s'ya. Ang sarap na talagang humigop ng mainit na sabaw. Kahit ano basta pagkaing Pinoy! 'Yun at nadakip ng kanyang mga mata ang isang sipi ng saging na rikondal. Malulusog at kumikinang na dilaw, nag-aanyaya ng pagtigil sa talipapa.

Humuhugot na s'ya sa pitaka ng bulsa ng pantalon nang may mga kamay na bumuhat sa isang sipi nitong saging na rikondal. Isang dalaga.

At dito nagsisimula ang ilang kuwento tungkol sa kanila.

Hindi sila naghilahan. Malamlam ang kinang ng malalalim na mga mata ng dalaga. Naalala ni Mark ang mga museo ng Korea na kanyang napuntahan. Hindi rin sila nagsagutan. Sa halip, natawa ang dalaga, na parang naaaliw, habang nakatingin sa kanya: sa pagtatagpo nitong kanilang gutom sa saging. Sinundan ito ng kilometro ng salita na parang lupok ng kanyon sa pandinig ni Mark. Nakilala n'ya itong Arabic nang nagpakilala na ang dalaga na isang Palestino.

Sa pagpapatuloy nitong kuwento tungkol sa kanilang unang engkuwentro, masasabi na ang tawa na 'yun ng dalaga, tawagin natin sa pangalang Fatima, ang matamis na bagay na nagtulak kay Mark para masabi n'ya sa sarili na, "Sige na nga, sa kanya na ang saging, tatal, akalain mo ba naman, gusto rin pala ng mga Arabo

itong saging.” Kaya mula sa talipapa ng saging, magkasama na silang tumawid ng kalsada papunta sa Woori Bank. Natural na pumasok sa bangko ‘tong ating bida, dahil ‘yun ang kanyang balak, at masasabi nating isang responsableng tao si Mark.

Ngunit bago nito, masasabi rin nating nagkapalitan na sila ni Fatima ng numero ng cellphone. Kung gaano ito katotoo, ‘tong kidlat ng sigla na lumatay sa kanilang pagitan, sa pinakapayak na Ingles na naglubid sa kanila, hindi para sa akin ang paghusga. Dahil lubos kong pinaniniwalaan na nangyari ang hapong ‘yun, sa mismong araw ng Linggo: ang pagsilbi ni Fatima ng tasa ng jasmine tea na may honey (kayo na ang bahala sa kung ano ang pinakamabuting pagbigkas nito) kay Mark, na sa araw na ito, sa ngayon, minumulto ng tawa ni Fatima at ng bango at lasa ng jasmine tea na ‘yun na may honey, sa isang Arabong restawran sa Itaewon.

Kung paano ko ito nalaman, ‘tong ilang kwento tungkol sa kanila, ikukwento ko sa inyo kung ipagtimpla n’yo ako ng tsaang saging. Maniwala kayo: magkasama kami ni Mark sa container van na ‘yon.

II.

Sige na, magpatuloy tayo; mas interesante ‘tong kuwento nila kaysa akin.

Upang lalo nating maintindihan ang ilang kwento sa pagitan nina Mark at Fatima, na pagpapatuloy din ng ilang kwento sa pagitan ng babae at lalaki, gayundin ng mga lahi at bansa, patuloy tayo sa araw na ito—ngayon—na araw din ng Linggo.

Sa bahaging ito, nakikita natin si Mark na humahawan ng mga dahon ng tigbaw na humaharang sa kanyang daanan. Sumasabay ito sa lagpok ng kanyang rubber shoes, sumusunod sa kanyang paningin na dumidiretso sa malayo, sa puno ng duhat sa itaas ng burol. Tanghaling-tapat ngayon. Kulay kahel ang paligid. Ngunit sa isipan ni Mark, kumikinang na sariwa at yabong itong mga dahon ng duhat, sa itaas nitong burol, at nais n’yang magpahinga rito.

Dahil araw ng pamamahinga ang Linggo at napapagod na s’yang maging tao. Nahilo s’ya sa ebanghelyo sa misa kanina tungkol sa leksyon ng kahoy na higera sa Mateo 24, bersikulo 32–35 na nagsasabing:

Pag-aralan ninyo ang leksyon sa kahoy na higera. Kung ang kanyang mga sanga ay nalulumbay na, malalaman ninyo na malapit na lang ang tag-araw. Sa ganuon ring bagay, kung nakikita ninyo na nangyayari na ang mga bagay na ito, malalaman ninyo na malapit na ang oras, paparating na. Alalahanin ninyo ito! Magaganap ito lahat habang hindi

pa nangamatay ang mga tao. Magugunaw ang langit at lupa, ngunit ang aking salita ay mananatili.”

Para s’yang lumilipad, sakay sa paklang ng niyog na nakawilihan n’ya noong bata sa burol na ito, ngunit ngayon, hindi na padausdos ngunit paakyat. Dahil narito s’ya, muli, sa kanilang baryo pagkatapos ng tatlong taon. Narito na nga s’ya. Dito mismo sa burol na ito sa likod ng kanilang bahay.

Nakapagdesisyon nga s’ya sa tulong ni Fatima. Tulad lang na naging damit n’ya, naging pangalawang balat ang salita ng dalaga. Kaya heto, ano itong himagsik na dumadaloy ngayon sa kanyang dugo? At amoy ng nakababad na tsaa ng jasmine sa mainit na tubig na may patak ng honey ang kanyang naaamoy sa kanyang pawis!

Na’kwento ko na ito ang inihanda sa kanya ni Fatima, noong araw ng Linggo nang dumiretso s’ya sa restwaran sa Itaewon na pinagtatrabahuhan ng dalaga. Malapit lang ito sa Hyewa. Dito sa Itaewon nakahilera ang mga “western” o “foreign” na restawran at mga shop, dahil alam n’yo na, kung nakapunta kayo sa Seoul, halos lahat nakasulat sa kanilang alpabeto, hanggang sa pagkain at damit—sa lahat na nagpapatibay ng kanilang pera, ang *won*.

‘Yun ang unang tikim ni Mark ng tsaa. Ang lakas ng tawa ni Fatima, na isang pagkaaliw kaysa pangungutya. S’yempre, ito ang paniniwala ni Mark, marahil hanggang sa araw na ito, bago at maging pagkatapos n’ya makita ang paglalagablab ng makasaysayang simbahan ng Miag-ao, ng buong bayan, ng buong mundo, sa kanyang isipan. Ngunit hindi para sa akin.

Pagmasdan mo, isipin mo si Mark na nakahawak na sa sanga ng ipil-ipil at naakyat nga ng kanyang rubber shoes ang burol. Bumagsak ang kanyang 62 kilos na bigat at 5’7 na taas sa damuhan. Sa di-kalayuan, ang puno ng duhat. Habang pinagmamasdan n’ya ito, ang malaking guab sa puno kung saan lumalabas ang mga pulang langgam na ilang beses kumagat sa kanya noong bata, parang nakikita n’ya ang kahoy na olibo. Nabasa n’ya ito sa Bibliya noong bata. May larawan pa ng ibon na kumakagat ng tangkay, o marahil dahon, ng olibo. Hindi kahoy ng higera. Ninais n’ya sanang itanong ito pagkatapos ng misa kay Monsignor, ngunit parang nalunod s’ya sa pagdumog ng mga tao sa matandang pari na para bang si Hesukristo ito.

Nainis s’ya sa sarili, sa pag-asa na ganuon lang kadali maangkin ang sagot sa pinagkaiba ng kahoy na olibo sa kahoy na higera, tulad ng akala n’ya na matawid nila ni Fatima ang distansya sa pagitan ng Jordan, Palestine at ng Iloilo, Philippines sa pag-akyat nila sa bundok na ‘yun ng Dungducheon.

“Greetings from the hills!” Ito ang sigaw ni Fatima nang marating nila ang tuktok ng bundok, kaharap ang direksyon ng North Korea. Animo’y nanginginginig ang buong katawan ng dalaga, sa lusog nito, sa kulot nitong buhok na nakalugay sa mga balik at malulungkot na mga mata kahit pa na parang bata itong naghuhumiyaw.

“Greetings from the hills.” Ito, sabi ni Fatima, ang salin sa Ingles ng sigaw na ‘yun sa Hebreo. Ito ang sinusulat, nasulat ng mga Israeli sa mga pader sa eskwelahan sa Bethlehem.10 minutos lang, kwento pa ng dalaga, ang lapit ng kanilang bahay sa Israel. Kapitbahay nila ang mga Israeli. Ngunit higit isang oras bago ito marating ng sino mang nagnanais makipagsapalaran sa mga liko at kurbada. Katulad ng nangyari sa kanyang ama. Napatay ito sa bugbog, noong panahon ng tag-ani ng olibo ng mga Palestino, na panahon din ng pagbaba mula sa burol ng mga Israeli para humarang sa kanila.

Ito, iyun, ang pangangamusta mula sa burol ng mga Israeli: ang pagsunog sa kanilang pananim na olibo. Kaya raw pinadala s’ya rito ng ina sa tiyahin na mayari ng restawran sa Itaewon, matapos s’ya maging aktibo sa pagbalay ng grupo sa pamamagitan ng internet, ang *Friends of the Homeless*. Marami raw mga Palestino ang umuwi sa mga tent sa disyerto.

Alam ba raw ni Mark ang tungkol sa Gaza? “Hindi,” sagot ng binata, at ikinuwento n’ya sa dalaga na ang totoo, noong gabi lang na iyon ng araw ng Linggo ng kanilang pagkakilala, sa kanyang paghihintay sa antok sa inuwaning naming container van habang ninanamnam pa sa dila, sa mga bibig, ang lasa ng tsa na jasmine na may honey, ‘yun lamang at dumating sa kanya na “Oo nga ano, bumaba nga pala sa lupa si Hesukristo at nagpakatao. Hindi pala sa langit ang Palestine, ang Israel: narito sila sa mundo!”

Napangisi si Mark sa pagkaaliw sa sarili habang naaalala ito ngayon (ganito rin ang kanyang ngisi nang maikwento n’ya ito sa akin). Huminga s’ya nang malalim. Nakapameywang s’yang humarap sa direksyon ng simbahan ng kanilang bayan, ang parokya ni Sto. Tomas de Villanueva. Muli s’yang napangiti, na isa ring pagkaaliw higit kaysa pangungutya, sa pag-isip na narito ang simbahan na pinagmamalaki sa buong mundo, dinadayo ng mundo. Tatlong taon sa Korea, at sa araw ng kanyang pag-uwi, sa paglibot ng dyip sa bayan, para s’yang hinihigop ng lupa sa pakiramdam na walang nagbago: ang mukha at pangalan ng mga tindahan at lugar sa paligid ng simbahan at ng buong bayan, ang daan pauwi sa kanila sa Mat-y. Habang umaalingawngaw sa kanyang pandinig ang bagsak ng mga heels ng kababaihan sa Seoul, ang pagmamadali ng lahat sa escalator, sa subway, sa mga kalye; ang halos hindi nagtatapos na pukpok ng mga obrero sa mga bilding na parang aabot na sa langit at nangangako ng iba at mas masaganang kinabukasan, wala namang pagmamadali sa kanilang bayan. Dahil ba may kinukupkop itong

sariling integridad at dangal sa itinuturing nito't pinaniniwalaang kasaysayan? Ngunit hindi sila pinapalaya sa kahirapan ng ganda ng simbahang ito, maging ng magiting na kasaysayan ng kanilang bayan.

Nauhaw s'ya. Muli, napagod s'ya maging tao, sa pag-isip at pagdamdam, na ninais n'yang sana, magkasama sila ni Fatima. "I pass by your name, Hankuk!" Sigaw muli noon ni Fatima, para muli itong mapahalakhak, para muli n'yang masaksihan ang animo'y paglindol ng buo nitong katawan. S'ya, si Mark, ang nagturo sa dalaga na Hankuk ang lumang pangalan ng Korea. Sagot ni Fatima, mga matatalino sila kaya dapat silang umuwi sa kani-kanilang bansa. Dumadaan lang sila rito sa Korea. Kaya raw babalik ito sa Jordan, lalo na dahil hindi pa rin nito magustuhan ang lasa ng *kimchi*, at lumalaki na ang kanilang grupo, ang *Friends of the Homeless*. Sa ayaw man daw o sa gusto ng kanyang ina at tiya. Wala raw ibang hangad ang bawat Palestino kundi ang maangkin muli ang kanilang bansa.

Ano ang gayuma ng kanilang pagkakaiba na naging daluyan ng kanilang kwentuhan? Kay Fatima lamang naipagtapat ni Mark na sa container van kami tumutuloy. Kay Fatima lamang n'ya nakwento ang hirap ng aming obra: ang bawat bugkos ng libro, umaabot sa mga 10–15 piraso sa bigat din na 10–15 kilos. Maghapon ito na pagbubuhat at mano-mano ang pagtataga sa makina. Sala sa init, sala sa lamig pa dahil tolda ang bubong ng aming working site. Maliban dito, nagpick-up pa kami sa mga publishing house sa Seoul dalawang beses kada linggo, gayundin sa mga katabing syudad.

Kay Fatima lamang nakipag-*date* si Mark, kung masasabi ngang *date* ang kanilang pag-akyat sa bundok na 'yun ng Dungducheon, at ang kanyang pagbalik-balik sa Itaewon. Si Mark na mapang-uyam sa mga biro ng mga nakilala naming Pinay sa Hyewa na nagpaparinig na cute s'ya at mabait.

Ang totoo, naging malapit lamang kami sa isa't isa nang magsimula na ang kanyang pagka-buang kay Fatima. Isipin mo na lang, bumalik-balik s'ya kada Linggo sa Itaewon pagkatapos ng misa sa Hyewa. Wala naman s'yang pera para kumain sa restawran. Hindi rin naman s'ya sanay sa pagkaing Arabo. Isa pa, busy si Fatima sa mga kustomer. Pero para s'yang gago na nag-istambay doon sa labas ng restawran na nakasandal sa puno ng gingko, naghihintay na masulyapan ni Fatima at kumaway sa kanya sabay sigaw ng "Mark," sunod ang pag-anyaya na pumasok s'ya, at muli, ang pagsilbi sa kanya ng jasmine tea with honey.

Kaya natakaw rin ni Fatima ang aking imahinasyon. Sumunod ako kay Mark isang Linggo. Dahil higit sa lahat, nagsimula akong mag-alala. Baka mapagkamalan s'yang magnanakaw o masamang tao habang parang pusa na nakaabang sa labas sa puno ng gingko. "Ano ka ba," sabi ko sa kanya, "hindi kesyong pareho n'yo gusto

ng saging, e, magkakasundo na kayo. Alam mo ‘yan.” Ngunit sa mga panahong ‘yun, kahit bombahin pa siguro ng North Korea ang Seoul, hindi makikinig si Mark, maliban na lamang kung mismong si Fatima ang magsabi sa kanya. “Iba s’ya,” sagot n’ya, “at ngayon ko lang naramdaman ‘to, p’re.” Noon lang din daw s’ya naging ganuon kasaya. Posible raw pala ang ganuon.

Ikaw ba naman, paano ka makikipag-debate sa isang taong in-love? Noong araw ng Linggo ng aking pagsama, unang araw din ng pag-expire ng alien card ni Mark. Regular na gawain ng pulis ang pag-random check ng alien card, lalo na sa mga hindi Puti. Maraming kwento sa Hyewa ang aking narinig, at nasaksihan mismo, na kaso ng mga Pinoy na nadakip, kaya marami ang nagtatago sa simbahan at sa embassy. Pambihira ang katulad ni Mark na pipiliing umuwi pagkatapos ng unang sojourn (Ito ang tawag sa aming pagiging manggagawang Pinoy sa Korea, ayon sa aming E-9 visa). Karamihan, hahanap ng bagong obra, katulad ng ginawa ko, o lilipat ng syudad, kung hindi man, magtatago.

Aaminin ko na kahit ako man, ano at nagayuma ng mga mata ni Fatima at ng kanyang mabilog-bilog na katawan. Higit sa lahat, ng kanyang ngiti na parang nagsasaboy ng bango, at ang kanyang halakhak na parang sariling pagbubukas ng isang prutas para malasahan mo ang hinog nitong buto. Tulad halimbawa ng mangosteen. Walang pagsisinungaling o pagmamalabis, ngunit may ganitong mahika si Fatima, ang dalaga na Palestino.

Higit na nakakabighani ang ihip ng kanyang isip. Paniniwala n’ya halimbawa na katarantaduhan ang pangarap na pagkakaisa sa pagitan ng Israel at Palestine, gayundin ang unification sa pagitan ng South Korea at North Korea. At hindi ba ito rin daw ang kaso sa pagitan ng mga Filipino na Kristiyano at Muslim? Lalo na raw kung nar’yan ang Amerika sa patuloy na pag-aasta na parang kung sinong higit na makapangyarihan sa tuktok ng bundok na nagmamando sa maraming bansa sa mundo sa kung ano ang nararapat nitong gawin para sa sarili nilang bansa, kaya ang pagbagrut ng ngipin ng China, Cuba, at maraming bansang Arabo.

“Ano ang solusyon,” tanong ni Mark. “Giyera? Walang katapusan na g’yera?”

“Hindi,” sagot ni Fatima. Wala raw sinumang may gusto ng g’yera maliban sa mga tao at mga bansa at kompanya na kumikita rito. Ang kailangan daw ay ang pagrespeto sa likas na katangian ng bawat bansa, ang pagbigay ng kalayaan sa mamamayan nito para lalong maging produktibo, katulad na kailangang maangkin ng magsasaka ang kanyang lupa at hayop. Tulong daw ang kailangan ng indibidwal mula sa kanyang pamilya, gobyerno, simbahan—hindi ang pag-angkin ng kanyang imahinasyon at isipan at katawan.

Naibigkas ito ni Fatima ng dahan-dahan, sa payak na Ingles, habang sumasawsaw sa mainit na tubig ng pakete ng jasmine tea; ang kanyang mga daliri parang nagbibilang ng paghalo dito ng tulo ng honey. At walang galit ng mga aktibista na nagra-rally ang paglipad ng kanyang mga salita. Para itong isang malungkot na kanta, na habang pinapakinggan mo at inuunawa, parang pagkapa ito ng magaspang na buhangin sa ‘yung palad, at sa kanyang pagtigil sa pagtatapos, parang dinaganan ng malaking bato ang ‘yung dibdib. Ngunit mawiwili ka, dahil ang kanyang mga mata, ang kabuuan n’yang imahe, nagpapaalala sa ‘yo ng mga insenso, mira, bulawan, at mga babae sa Bibliya. Pamilyar ngunit pambihira, lalo na dahil totoo nga pala: hindi na lamang kwento.

Naalala ko rin na nang makatalikod na sa amin si Fatima, sabi ni Mark: “Di na lang ko bibili ng flat screen tv para sa balay, ‘pre. ‘Bili ko na lang ‘to ng manok pag-uwi. Ma-poultry ‘ko, a. *Abi*, subukan din nating negosyo.”

Ngayon, sa pagpapatuloy ng ating kwento, isipin mo na umiiling-iling si Mark habang pinagmamasdan ang paglipad ng mga ibon mula sa burol. Pakiramdam n’ya, kinukutya s’ya ng kanilang kalayaan. Humakbang s’ya patungo sa puno ng duhat. Tumingala. Kakaunti ang bunga nito, papahinog pa lang. Kalagitnaan na ng Mayo. Kunsabagay, wala pa ang ulan, naisip n’ya, dahil para bang nagkampo rin sa ibang lugar ang mga ulap. Hindi tulad n’ya, na nakauwi dito sa kanila, sa ibabaw nitong burol, sa kalangitan ng Miag-ao.

Walang sumunod na hanay ng ibon, wala ring bumalik, na parang pinaalala lang s’ya at pinainggit. Parang si Fatima. Muli, sumaltik sa kanyang isipan ang ebanghelyo sa misa, ang leksyon sa kahoy na higera na nagbabadya ng katapusan ng mundo, at ang pananatili ng salita ng Diyos—ni Fatima.

“Nadaan ko ang ‘yung ngalan, Fatima,” nasigaw n’ya sa isip. “Nadaan ko ang Jordan. Narito ako ngayon sa burol sa gitna ng aming bayan sa Jordan at Bethlehem. Itong kahoy ng duhat, kahoy na higera, kahoy na olibo, kahoy na gingko. Araw ngayon ng Linggo, araw natin, araw ng pamamahinga. Pangangamusta mula sa burol, Fatima! Heto ang aking isipan at dibdib na naglalagablab sa pagsunog ng ating pagkakaiba, ng distansya at oras sa ating pagitan. Heto ang hinog na duhat na magdurugo sa aking mga bibig. Itimpla ito sa olive oil at honey at ipalaman sa ‘yung *hummus*, kasama ang isang tasa ng jasmine tea. Heto ang burol, ang buong bayan ng Miag-ao na payapa at walang pagmamadali: sinasalubong kita, isang kaibigan ng mga nawalan ng tirahan. Narito, sa simbahan ng Miag-ao, sa mga ebanghelyo at sermon ng pari sa lahat ng araw, mga lugar lamang sa Bibliya ang Israel at Palestine: wala silang pinagkaiba para sa akin. Kahit ang pinagkaiba ng South at North Korea, natawid natin sa pag-akyat ng bundok na lumalatay sa kanilang pagitan. Halika at ipahinga ang ‘yung pagod na katawan at kaluluwa kasama ko.”

Mula sa burol na ito, hindi nakikita ang bubong ng kanilang bahay sa hilera ng kabahayan sa kanilang baryo. Ngunit alam ni Mark na sa gayong oras, nakaupo ang kanilang ina sa harapan ng tv na nabili ng kanyang *won*. 66 taon na ang kanilang ina. Rason ng kanyang nakababatang kapatid, bakit ba raw ipagpaliban n'ya ang pagbili rito ng bagong tv, para makapanood ng paborito nitong mga telenobela at Koreanobela ang matanda, kung ito ang natitira nitong kasiyahan? Napaisip dito si Mark, sa kung ano naman ang kanyang sariling gusto at ligaya? "Nagmamahal lamang ako ng mga bagay na hindi tumatagal," naalala pa n'yang sabi ni Fatima. Punitin man n'ya ang kanyang dibdib ngayon at dukutin dito ang kanyang puso na naglalagablab tulad nitong tanghali, hindi magkakandarapa ang buong bayan. Mamaya-maya lang, malulunod ang kanyang panangis ng bagting ng kampana. Pumulot s'ya ng bato at inihagis ito sa kalawakan. Walang dumaang ibon. Naghagis s'ya nang naghagis ng maliliit na bato hanggang sa mapagod s'ya. Nahulog n'ya ang natira. Bumagsak ito sa lupa, sa damuhan, saan may gumagapang na langgam. Wala s'yang narinig na tunog, o reklamo.

Lumakad s'ya pababa ng burol. Nadaraan n'ya ang mga puno ng ipil-ipil at madre de cacao, ang nagtataasang tigbaw. Sa pagbagting ng kampana ng kanilang simbahan ng alas dose, nakikita n'ya sa isipan ang paglalagablab nito, ng buong bayan, at ang kalsada na nilalakaran ng kanyang rubber shoes—nahihimlayan ng mga bungo at buto.

III.

Hapon din 'yun ng Linggo, buwan ng Oktubre, pitong buwan pagkaraang umuwi s'ya sa Iloilo, at nang pagtawag n'ya sa akin sa cellphone, halos dalawang linggo na mula nang makabalik s'ya sa Korea. Nagkita kami, tulad ng dati, sa gilid ng Woori Bank. Sa Ilsan na ako nagta-trabaho noon, sa isang *hagwon*. Ito ang tawag sa maliit na pribadong paaralan ng Ingles. Pang-gabi ako, dahil mga empleyado na Koreano ang aming estudyante.

Sa oras na 'yun, sa muli naming pagkita, nalaman ko na isa na s'yang machine operator sa pabrika ng optical lenses. Siyam silang Pinoy, dalawang Tsino, puro Koreano na ang iba. "Mas magaan kumpara sa dati nating obra, pero mas mataas din ang risiko sa katawan ng kemikal," sabi niya. Mula alas nuebe sa umaga hanggang alas sais sa gabi ang trabaho niya, at 40 oras na lang ang kailangan n'yang kumpletuhin. Higit sa lahat, hindi na s'ya sa isang container van tumutuloy kundi sa isang kuwarto na talaga, na may sahig na kung tawagin ay ondol, na umiinit tuwing taglamig. Dalawang Pinoy ang kasama n'ya.

Binalita rin n'ya na volunteer s'ya sa asosasyon ng mga manggagawang Pinoy. Ang totoo, papunta s'ya sa kanilang miting. Naging abala raw s'ya simula nang pagbalik n'ya sa pakikipagkita hindi lamang sa mga kapwa Pinoy kundi gayundin sa mga Pakistani, Nepalese, Koreano at oo, mga Palestino. May malakas daw na grupo ng mga Koreano mismo at Palestino na nag-o-organisa ng pondo at nagpapalitan ng mga kwento ng buhay tungo sa pag-unawa ng sitwasyon ng mga lahi na biktima ng g'yera, gayundin ang pagsulong ng pagpapabuti ng kondisyon ng mga manggagawang dayuhan sa Korea.

Hindi man lang nabanggit ni Mark si Fatima o ang tsaa na jasmine na may honey at ang paborito ng dalaga na nakilala naming *hummus*. Ngunit nang bukambibig na n'ya ang linyang *human rights*, ano at parang may dumaang ibon sa kanilang kurbada na V sa maulap na hapon na 'yun ng aming muling pagkita. Masasabi ko na sa sandaling 'yun ko naintindihan kung bakit nainggit s'ya noon sa mga ibon sa pag-akyat n'ya sa burol na 'yun sa kanila sa Miag-ao. Dahil ang ibon, kahit pa nakatakda ring gumawa ng kanyang pugad, wala itong pangangailangan sa bubong (Gayunman, maaaring mali rin ako rito.). Gayun ko rin nakita, sa matinkad na dilaw—siguro ganuon ang kislap ng ginto—ang gahum ng mga salita ni Fatima. Depende sa paniniwala n'yo, maaaring lason o gayuma o kaya'y oo, honey na kumapit kay Mark.

Duda ako kung may nangyari sa kanila ng dalaga, tulad na lang halimbawa ng madalas nating maisip na maaaring mangyari sa pagitan ng isang babae at isang lalaki, tulad ng halik o yakap, at kung swertehin, pakikipagniig. Maaaring habang pababa-paakyat sila ng bundok, nakapaghawak-kamay sila, nakapagkiskisan ng mga siko o nakawak-alalay si Mark sa tagiliran at beywang ni Fatima. Ang klaro at higit na mahalaga, nag-ugat higit pa sa sipa sa isipan at dibdib ni Mark ang mga kwento ni Fatima.

Pasensya na kung bakit kailangan kong banggitin ito, kahit pa alam ko na alam n'yo na ang ilang kuwento tungkol sa kanila. Siguro dahil ang higit sa lahat, ang totoong kuwento na nais kong iparating sa inyo, ay ito: 'yun ang araw ng huli naming pagkikita ni Mark. Kaya marahil parang buang ako sa pagtuhog nitong kwento, dahil hindi tulad ni Mark, kulang ako sa pananalig. Hindi ako nagsisimba sa Hyewa halimbawa, dahil mga bungo at buto rin ang aking paningin sa mga nakaupo at nakatayong katawan sa mga upuan at pasilyo ng simbahan. Ang mga kanta at panalangin, panangis ng mga pinalangga na iniwan, hanggang maging halakhak nila sa pagbibilang ng perang padala, na ang pag-uwi na ngayon, ay isa na ring pagmamadali na makabalik agad, dahil hindi na nila kayang bumalik sa pag-ulam ng asin at bagoong. Kulang ako sa pananalig dahil kahit wala akong galit, pinaniniwalaan kong mapanlinlang si Fatima. Alam niyang maganda s'ya at matalino. Kaya ganuon na lamang kadali ang pagbigay niya ng numero kay Mark

pagkatapos pumayag ni Mark na sige, sa kanya na ang saging na rikondal, hindi dahil talagang may tiwala s'ya kay Mark kundi dahil mayroon s'yang malaking tiwala sa sarili mismo. Wala s'yang takot sa anumang panganib o pandaraya. Ginatungan n'ya ng kanyang politikal na gawain ang pagka-aliw at pagkahibang sa kanya ni Mark. Isang tasa ng tsaang jasmine na pinatamis ng honey at naging alipin na n'ya ang lalaki!

Naitanong ko sa sarili na ano ang masama kung naging ligaya rin naman ito ni Mark, tulad ng pagtatapat n'ya. Oo, aaminin ko, naging ligaya ko rin, lalo na nang mabanggit n'ya noon sa aming pamamaalam ang linyang “nagmamamahala lamang ako ng nawawala,” pagkatapos naming magpasalamat sa kanya sa pagbigay sa amin ng atensyon. “All jasmine,” dagdag pa ni Fatima, “all jasmine.”

All jasmine para kay Mark na namayapa. Suicide, balita ng kanyang employer, at pinagmisahan s'ya sa Hyewa. Bumuhos ang donasyon para maiwi sa Miag-ao ang kanyang bangkay.

Sino ang maniwala, ang malinlang nila? Sa klase ako nang magrehistro sa aking cellphone ang tawag ni Mark nang gabing 'yun. Naka-mute ang aking cellphone pero naka-on ang vibration mode. Tinanggap ko ang kanyang tawag. Ewan kung masasabi ko na marahil 'yun ang aking trahedya: ang pananalig sa aking kutob at pagganap ng aking papel bilang kaibigan n'ya't kababayan. May pagmamadali sa kanyang boses. May pagmamalaki rin. Na nariyan s'ya, naroon, sa malaking rally na 'yun sa Gwanghamun kontra sa human rights violation ng gobyerno ng SOKOR at kasama nila ang mga kilalang aktibistang Koreano at marami pang lahi. Tulad lang na talagang aktibista s'ya at isa itong dangal. Kung anuman daw, ako na ang bahala sa pagbabalita sa kanyang pamilya.

